Republika ng Pilipinas
(Republic of the Philippines)
MINISTRI NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
(MINISTRY OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS)
Maynila

Hulyo 28, 1983

MEMORANDUM PANGMINISTRI
Blg. 161, s. 1983

**PAGPAPASIGLA SA PAGGAMIT NG PILIPINO SA MGA KORESPONDENSIYA OPISYAL KAUGNAY NG PAGDIRIWANG NG LINGGO NG WIKA '83**

Sa: Mga Direktor ng Kawanihan
Mga Puno ng Tanggapan
Mga Direktor Panrehiyon
Mga Tagapamanihala ng mga Paaralan
Mga Pangulo ng mga Kolehiyo at Pamantasang Pampamahalaan
Mga Pinuno ng mga Pribadong Paaralan, Kolehiyo at Pamantasan

1. Sa layuning lalong maging makabuluhan ang pagdiriwang ng Linggo ng Wika '83 sa buong sistema ng MECS, at bilang pagbibigay-diin sa itinakda ng Saligang-Batas (Artikulo XV, Seksiyon 3, Tal. 3), gayon din ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 187, s. 1969, at ng Memorandum Pangministri Blg. 174, s. 1980, iminumungkahi sa lahat ng kinauukulan ang pagsasagawa ng mga hakbang sa lalo pang pagpapasigla tungo sa puspusang paggamit ng Pilipino, bilang wikang opisyal, sa mga pang-araw-araw at karaniwang uri ng korespondensiya opisyal katulad ng talatukuyan (routing slip), paglilipat (indorsement), ulat (report), memorandum, atb., simula sa Agosto 12 hanggang Setyembre 12, 1983 at pagkatapos.

2. Ang pakikiisa at pagtulong ng lahat ay inaasahan upang matupad ang mithiin natin sa wika at edukasyon.

(LGD.) ONOFRE D. CORPUZ
Minister

Sanggunian:

Memorandum Pangministri: (Blg. 174, s. 1980)

Pamumudmod: 1-2-3-4-- (D.O. 1-76)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng sumusunod na paksa:

BUREAUS & OFFICES
CORRESPONDENCE
LANGUAGE
REPORT
RULES & REGULATIONS